TALAAN NG AKING MGA PAMANTAYAN

PANGALAN_____ **GURO**_____ **UNANG GRADO**

PAGBASA	**PAGSULAT**
● Ginagamit ko ang mga tunog at letra upang malaman ko kung ano ang bagong salita. ● Nababasa kong mag-isa ang ilang salita o ang libro. ● Gusto kong magbasa ng mag-isa at nag-eensayo ako para makabasa ako ng malakas sa iba. ● Masasabi ko sa iyo ang tungkol sa ilang bahagi ng aklat. ● Maipapakita ko ang mga bagay sa kompyuter. ● Kapag ako ay nakikinig o nagbabasa, naaalala ko ang pinakamahalagang bahagi at nasasabi ko sa iba ang tungkol dito. ● Kapag ako ay nakikinig o nagbabasa, nahuhulaan ko kung ano ang susunod na mangyayari at maipapaliwanag ko kung bakit. ● Gusto kong makinig at basahin ang tungkol sa mga tunay na nagaganap sa daigdig. ● Gusto kong makinig at magbasa ng mga bagay na kathang-isip. ● Nasasabi ko sa mga nakakatanda at mga kaibigan kung ano ang aking nabasa at tinutulungan nila akong pumili ng mga aklat.	● Tinutulungan ko ang aking klase na gumawa kami ng salaysay. ● Nagsusulat ako ng mga pangungusap tungkol sa paksa. ● Nag-iisip ako ng pasimula, pang-gitna at pang-wakas. ● Gumagamit ako ng ilang malaking letra at naglalagay ako ng palabantasan sa katapusan ng aking pangungusap. ● Natutunan ko ang pagbaybay ng mga salita at gumagamit ako ng mga tunog para sa ibang salita. ● Nagsusulat ako para maipaliwanag ang mga bagay-bagay. ● Inaayos ko ang aking sinulat upang maipakita at mabasa ko ang mga ito sa iba. ● Nasasabi ko kung ano ang aking naisulat sa aking guro, mga magulang at mga kaibigan.

PAKIKIPAG-USAP	MATEMATIKA
● Nakikinig at iniisip ko kung ano ang pinakamahalagang paksa o ang pagsunod sa direksiyon. ● Naaalala ko at masasabi ko kung ano ang aking narinig o nakita. ● Nakikinig ako sa iba at alam ko kung kailan ako puwedeng magsalita. ● Nakatuon ako sa isang paksa kapag ako ay nagsasalita at ito ay may pasimula, gitna at katapusan. ● Kapag ako ay nagsasalita nakatingin ako sa aking kinakausap at nagsasalita ako ng malakas at may damdamin. ● Nakakaisip ako ng solusyon sa mga problema o mga pagtatalo. ● Alam ko kung ang mga pinag-uusapan sa aking paligid ay tutoo o hindi.	Paggamit ng Numero ● Nakakabasa at nakasusulat ako ng numero hanggang 100. ● Naiaayos ko ang mga numero pamula pinakamaliit hanggang pinakamalaki. ● Nakapagpapakita ako ng mga modelo para maipakita ang kaibhan ng pagdagdag at pagbawas. Pagsukat ● Naiaayos ko ang mga bagay ayon sa haba at bigat. ● Natutumbasan ko ang halaga (sa sentimo) ng mamera, singko, diyes, beinte singko at dolyar. Kahulugang Heometriya ● Nakakaguhit ako ng pakisukat, parihaba, tatsulok, bilog at mga paralelogramo. ● Nasasabi ko kung paano ang mga hugis ay pareho o magkaiba. Probabilidad at Estadistika ● Sa mga kuwento sa tunay na buhay, nahuhulaan ko kung aling pangyayari ang maaring maganap. ● Kaya ko ng gumamit ng mga bagay-bagay para makagawa at talakayin ang tungkol sa talaguhitan. Kahulugang Alhebraic ● Nakakagawa ako ng disenyo sa pamamagitan ng tunog, mga bagay at mga simbulo. Paggamit ng Matematika ● Kaya kong maihanap ng solusyon ang mga suliranin na nagaganap sa tunay na buhay ng aking paaralan. ● Nakakapili ako ng mga gamit para masukat ang haba, kapasidad, bigat, oras at temperatura.